	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
PhilHealth Your Partner in Health	**Circular No.**	**2024-0010**
	Title	**Framework for the Implementation of Cost Sharing Schemes**

Tanong	Sagot
Ano ang cost sharing?	Ito ang halagang sasagutin ng pasyente kapag lumampas sa nakatakdang benepisyo ng PhilHealth ang kabuuang hospital bill. Halimbawa, kung ang pasyente ay gumamit ng mga karagdagang serbisyo at amenities na walang kinalaman sa paggamot ng kundisyon, at pumili ng ibang duktor. Ngunit dapat maipaliwanag ito ng ospital sa miyembro o pasyente para maiwasan ang kalituhan sa benepisyong magagamit para sa pagpapagamot.
Ano ang layunin ng Framework for the Implementation of Cost Sharing?	Upang gawing standard procedure ang pagsagawa ng cost sharing arrangements sa mga benepisyo ng PhilHealth. Ang cost sharing arrangements ay dapat patas para sa mga miyembro/pasyente, pati na rin sa mga accredited o contracted-health facility. Sa pamamagitan ng cost sharing arrangements, magkakaroon ng agarang kaalaman ang miyembro/pasyente kung magkano ang kaniyang sasaguting gastos o out-of-pocket expense tuwing magpapa-check-up o mako-confine sa ospital.
Sino ang makikinabang sa mga cost sharing mechanisms?	Pangunahing makikinabang ang mga miyembro/pasyente sa mga cost sharing mechanisms ng PhilHealth. Gamit ang cost sharing arrangements, inaasahang magiging patas at predictable ang halaga ng mga out-of-pocket expenses na kailangang bayaran para sa makukuhang serbisyong pangkalusugan.

Mawawala ba ang No Balance Billing ng PhilHealth?	Hindi. Ang layunin ng polisiyang ito ay patatagin pa ang implementasyon nito. Kasama sa cost sharing arrangements ang mga serbisyong pangkalusugan na dapat ibigay sa mga miyembro nang walang-bayad o out-of-pocket expense.
Mag-a-apply ba ang cost sharing arrangements sa lahat ng mga accredited health facility?	Nakadepende ang aplikasyon nito sa disenyo ng bawat benepisyong ilalabas ng PhilHealth. Halimbawa, ang cost sharing mechanisms ng PhilHealth Konsulta (Konsultasyong Sulit at Tama) package ay para lang sa mga primary care facilities na accredited para sa Konsulta package.
Kailan magiging epektibo ang cost sharing arrangements sa mga benepisyo?	Nakabatay ang implementasyon ng mga cost sharing arrangements sa polisiya ng bawat benepisyo ng PhilHealth. Hinihikayat ang mga miyembro at health facility na abangan ang mga kaukulang PhilHealth Circular at/o Advisory para sa mga updates.